A BAGO AT MATAPOS KAY JESUS.

Bago kay Jesus Efeso 2:1-3	Matapos kay Jesus Efeso 2:4-10
Patay sa ating mga kasalanan	Nabubuhay kay Kristo
Sa ilalim ng kapangyarihan ng demonyo	Naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya
Gumagawa ng sariling kalooban	Gumagawa ng mabuti
Sumusunod sa daan ng sanlibutan	Naghahanda sa makalangit na lugar
Masuwayin	Nagsasaya sa kasaganaan ng Kanyang kaluwalhatian
Mga anak ng poot	Mga anak ng Dios (ginawa Niya)

B SILANG MGA NAGBAHAGI TUNGKOL KAY JESUS.

❖ **PAGTANGGI SA GALIT AT PAGBAHAGI NG PAG-IBIG.**

— Nagalit sina Santiago at Juan at humingi ng pahintulot na wasakin ang barangay ng makalangit na apoy dahil sa hindi pagpapatuloy sa kanila.

— Gayunpaman, nabago ng kanilang relasyon kay Jesus ang kanilang damdamin at kaisipan:
(1) Namatay si Santiago dahil sa pagbabahagi kay Jesus sa iba (Gawa 12:1-2).
(2) Ang mga sulat ni Juan ay puno ng pag-ibig para sa Dios at ating kapitbahay (Jn. 13:35; 1Jn. 4:8; 2Jn. 1:6; 3Jn. 1:6-7).

❖ **PAGTANGGI SA KASAMAAN AT PAGBAHAGI KAY JESUS.**

— Gayunpaman, nagbago ang buhay noong mga lalaking inalihan ng demonyo matapos makatagpo nila si Jesus. Gumaling sila sa pisikal, mental, emosyonal, at espiritwal (Mateo 8:28-34; Marcos 5:1-20).

— At, sinabihan sila ni Jesus na ibahagi ang kanilang karanasan sa lahat ng tao sa rehiong iyon.

— May kwento silang maibibigay dahil binago ng kapangyarihan ni Kristo ang kanilang buhay. Maibabahagi nila ang kanilang karanasan at himukin ang ibang hayaan si Jesus na baguhin ang kanilang buhay.

C PAGBABAHAGI NG KWENTO NI JESUS:

❖ **ANG KASIGURUHAN NG KALIGTASAN.**

— Malinaw ang mensahe sa Biblia: silang nananampalataya kay Jesus ay maliligtas (Jn. 3:15, 36; 6:40, 47; Gawa 16:31; 1Jn. 5:13). Hindi natin kailangang maghintay na maging sapat ang ating kabutihan upang maligtas.

— Maaaring mawala ang kaligtasan (Ex. 32:33; Mt. 10:28; 2P. 2:20-21; Rev. 3:5, 11), ngunit mangyayari lamang ito kung sasadyain nating tangihan ang Dios.

— Ang kasiguruhan ng kaligtasan ang nagpapasigla sa ating patotoo. Mas madaling ibahagi ang isang bagay na alam mong sigurado.

❖ **PAGBAHAGI KAY JESUS.**

— Hinihilingan tayo ni Jesus na ibigay sa Kanya ang lahat (Lk. 9:23). Ngunit ano ang Kanyang ibinigay sa atin? (tingnan ang Jn. 1:12; 10:10; 14:27; 1Co. 1:30)
(1) Ginawa Niya tayong mga anak ng Dios
(2) Binigyan Niya tayo ng buhay
(3) Binigyan Niya tayo ng kapayapaan
(4) Binigyan Niya tayo ng karunungan
(5) Ginawa Niya tayong matuwid
(6) Pinabanal Niya tayo
(7) Tinubos Niya tayo

— Kung mapagtanto natin lahat na ginawa ni Kristo para sa atin, ang ating natural na tugon ay ibigay ang lahat sa Kanya sa sakripisyo–anuman ang halaga–at ibahagi ang mga kamangha-manghang ginawa niya sa atin at para sa atin.